Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VI – WESTERN VISAYAS
SCHOOLS DIVISION OF AKLAN

DIVISION ADVISORY No. 21, s. 2022
February 22, 2022
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued for the information of Region VI DepEd
officials and personnel/staff and all others concernes.
(Visit www.deped.gov.ph)

Attached is a letter from KWF Timpalak Gawad, in connection with the conduct of **"Mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (Tumula Tayo! 2022 bukas na sa mga lahok!)** on February 7 to March 20, 2022.

For any concerns, contact:

Email Address: timpalak.gawad@kwf.gov.ph

Poblacion, Numancia, Aklan
Tel/Fax No. (036) 265 3737 | (036) 265 3738 | (036) 265 3744
Website: http://www.depedaklan.org
Email Address: aklan.1958@deped.gov.ph

DepED

aklan 1958 <aklan.1958@deped.gov.ph>

Mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (Tumula Tayo! 2022, bukás na sa mga lahok!)


1 message

kwf timpalak gawad <timpalak.gawad@kwf.gov.ph>
To: aklan.1958@deped.gov.ph

Tue, Feb 15, 2022 at 5:26 PM



2 attachments



Tumula Tayo! 2022, bukás na sa mga lahok!.jpg
410K

Tumula Tayo! 2022, bukás na sa mga lahok!.docx
4K

TUMULA TAYO!

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO · 1991 ·

2022-2032 | INTERNATIONAL DECADE OF Indigenous Languages

ISANG ONLINE NA PATIMPALAK SA PAGSULAT NG MGA KATUTUBONG ANYO NG TULA NA ITINATAGUYOD NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO (KWF) SA BUWAN NG PANITIKAN.

PAKSA:
"PAGPAPAHALAGA SA KASAYSAYAN, KULTURA, KARAPATAN, KAPAKANAN, AT WIKA NG MGA KATUTUBO (INDIGENOUS PEOPLES)"

7 PEBRERO–20 MARSO 2022
ANG PAGSUSUMITE NG MGA LAHOK

Komisyon sa Wikang Filipino
@komfilgov

Tumula Tayo! 2022, bukás na sa mga lahok!

Ang TUMULA TAYO ay isang online na timpalak sa pagsulat ng katutubong tula (Diyóna, Dalít, o Tanagà) na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino, sa Buwan ng Panitikan. Ito ay bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng UNESCO International Decade of the Indigenous Languages (2022-2032) na nakaangkla sa Deklarasyon ng Los Pinos (Los Pinos Declaration) na nagtataguyod ng karapatan ng Mámamayáng Katutubo sa malayang pagpapahayag, pagkakaroon ng akses sa edukasyon, at partisipasyon sa mga gawaing pampamayanán gámit ang katutubong wika bílang pangunahing kahingian sa pagpapanatiling buháy ng mga wikang pamana na ang karamihan ay nanganganib nang maglaho.

Para sa edisyong 2022, bukás ang timpalak sa mga Diyóna, Dalít, at Tanagá na nakasulat sa wikang Filipino na pumapaksa sa "Pagpapahalaga sa Kasaysayan, Kultura, Karapatan, Kapakanan, at Wika ng mga katutubo (Indigenous Peoples)".

Mga tuntunin:

Ipapaskil ang mga tula (Diyóna, Dalít, o Tanagà) sa seksiyon ng mga komento (comment section) sa nakatalagang poster para sa bawat anyo ng tula. Susundin ang sumusunod na iskedyul para sa pagpapaskil:

7-20 Pebrero 2022 - Diyóna
21 Pebrero-6 Marso 2022 - Dalít
7-20 Marso 2022 - Tanagà

Magiging opisyal ang mga lahok kapag ipinaskil ito sa seksiyon ng komento (comment section) ng partikular na poster para sa anyo na matatagpuan sa page ng KWF.
Tatanggap ng mga orihinal na tula na nakasulat sa wikang Filipino at may paksang "Pagpapahalaga sa Kasaysayan, Kultura, Karapatan, Kapakanan, at Wika ng mga katutubo (Indigenous Peoples)"

Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

Unang gantimpala, PHP5,600.00
Ikalawang gantimpala, PHP3,360.00
Ikatlong gantimpala, PHP2,240.00

Ang mga gantimapalang nabanggit ay mababawasan ng kaukulang buwis (12%)

Maaaring lumahok sa lahat ng kategorya ngunit isang entry lamang sa bawat kategorya ang tatanggapin.

Isang beses lamang mananalo ang isang kalahok sa lahat ng kategorya.

Pinal at hindi na mababago ang magiging pasiya ng mga hurado sa timpalak.